WHAT SHAPES US

# Kaligtasan

WEEK 2

## WARM-UP

- Balikan ang isang mapanganib na karanasang naranasan mo. Ano ang panganib na hinarap mo at paano ka nakaligtas?
- Mahilig ka bang gumawa ng mga plano at sinisiguro mo bang masusunod ito? Balikan ang isang pagkakataong nagpapakita nito.
- Sino ang pinakamapagbigay na taong kilala mo? Ano na ang nagawa niya para sayo?

## WORD

*3–4 Purihin natin ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo! Dahil sa pakikipag-isa natin kay Cristo, ibinigay niya sa atin ang lahat ng pagpapalang espiritwal mula sa langit. Bago pa man niya likhain ang mundo, pinili na niya tayo para maging banal at walang kapintasan sa paningin niya. Dahil sa pag-ibig niya . . .* **MGA TAGA-EFESO 1:3–4**

(Basahin din ang **MGA TAGA-EFESO 1:5–10.**)

Ang lahat ng tao ay makasalanan at nagkakamali kaya't karapat-dapat na mabuhay nang malayo sa Diyos at mamatay. Kahit gaano pa natin isipin na mabuting tao tayo, hindi natin kayang iligtas ang ating mga sarili. Ito ang masamang balita na hinaharap nating lahat.

Ngunit may mabuting balita dahil kay Jesus. Ito ang ebanghelyo. Dahil sa biyaya, habag at pagmamahal ng Diyos, inaalok Niya sa atin ang kaligtasan at *lahat ng pagpapalang espiritwal* na mula kay Jesus. Ngayong araw, aralin natin kung ano ba ang tunay na mensahe ng ebanghelyo at palalimin ang pagkaunawa natin sa kaligtasan na mayroon tayo kay Jesus.

## 1 May planong pagtubos ang Diyos para sa sangkalikhaan.

*. . . Bago pa man niya likhain ang mundo, pinili na niya tayo para maging banal at walang kapintasan sa paningin niya. Dahil sa pag-ibig niya . . .* **MGA TAGA-EFESO 1:4**

Bago pa man Niya *likhain ang mundo*, nais na ng Diyos na tayo ay *maging banal at walang kapintasan*. Hindi nagpasya ang Diyos na tubusin tayo pagkatapos lamang magkasala nina Adan at Eva. Ang kaligtasan natin ay hindi lang Niya biglang naisip. Nag-uumapaw ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya gumawa Siya ng plano para sa ating kaligtasan bago pa man Niya likhain ang mundo sa Genesis 1. Agad-agad Niya itong ipinatupad matapos magkasala nina Adan at Eva. Paano pinatunayan ng planong pagtubos ng Diyos ang pagmamahal Niya sa iyo at sa mundo? Paano ito dapat makaapekto sa pamumuhay natin?

## 2 Malayang ibinigay ng Diyos ang Kanyang Anak.

*Sa pamamagitan ng dugo ni Cristo, tinubos tayo, na ang ibig sabihin ay pinatawad ang mga kasalanan natin. Napakalaki ng biyayang ipinagkaloob sa atin ng Diyos. . . .* **MGA TAGA-EFESO 1:7**

Ipinadala ng Diyos ang Kanyang Anak na si Jesu-Cristo para mamatay sa krus at pagbayaran ang kabayarang tayo dapat ang magbabayad. Ito ang nasa sentro ng plano ng Diyos na iligtas tayo mula sa ating kasalanan at kahihiyan. Sa madaling salita, ang ebanghelyo ang mabuting balita na ang Diyos ay nagkatawang tao kay Jesu-Cristo. Ipinamuhay Niya kung paano dapat tayo mamuhay at ikinamatay Niya ang kamatayang para sana sa atin. Nabuhay Siyang muli sa ikatlong araw, na nagpapatunay na Siya ang Anak ng Diyos. Kailan at paano mo narinig ang ebanghelyo? Paano ka tumugon sa nag-uumapaw na biyaya ng Diyos?

## 3 Tinubos tayo ng Diyos mula sa ating mga kasalanan.

*Sa pamamagitan ng dugo ni Cristo, tinubos tayo, na ang ibig sabihin ay pinatawad ang mga kasalanan natin. Napakalaki ng biyayang ipinagkaloob sa atin ng Diyos. . . .* **MGA TAGA-EFESO 1:7**

Ang kabutihang ipinakita ng Diyos sa pagligtas sa atin ay nagbigay sa atin ng kaligtasan at kapatawaran ng mga kasalanan. Ibinibigay ni Jesus ang kaligtasan at kapatawaran ng mga kasalanan bilang regalo sa sinumang magsisi at maniwala sa Kanya. Kapag tayo ay nakaranas na ng pagbabago ng puso at inilagay natin ang ating pananampalataya sa ginawa ni Jesu-Cristo para sa atin, hindi na natin kailangang bayaran ang ating mga kasalanan at hindi na natin kailangang mamuhay sa kasalanan. Tayo ay pinatawad na, muling nabuo, at tinubos para sa layunin ng Diyos. Ano ang kahalagahan ng pagbabahagi sa ibang tao ng ebanghelyo ni Jesu-Cristo? Bakit hindi natin ito dapat na itago para sa sarili lang natin?

Kasama sa plano ng Diyos na iligtas at tubusin tayo ang bigyan tayo ng mga pagpapala. Dahil sa sakripisyo ni Jesus sa krus at sa pagmamahal ng Diyos sa atin, tayo ay nabigyan ng mga *pagpapalang espiritwal mula sa langit*. Isinulat ni Pablo na kabilang dito ang pagiging banal at pagkakabukod para sa Kanya, ang pagiging mga anak sa pamamagitan ni Jesus at marami pa (Mga Taga-Efeso 1:4–14). Ang pangako at pagpapalang ito ay dapat na magkaroon ng epekto sa pamumuhay natin. Natatamo natin ang mga biyayang ito hindi dahil sa anumang ginawa natin, kundi dahil sa kung sino ang Diyos at kung gaano Siya kabuti sa atin.

## APPLICATION

- Anong klaseng buhay ang mayroon ka bago ka nagkaroon ng relasyon kay Jesus? Balikan kung paano mo narinig at kung paano ka tumugon sa ebanghelyo?
- Anong klaseng buhay ang maaari tayong magkaroon kay Jesus? Maglaan ng oras ngayong linggo para pag-isipan ang sinasabi sa Mga Taga-Efeso 1:3–4. Hilingin sa Diyos na ipaunawa sa iyo ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng mga *pagpapalang espiritwal* kay Jesus.
- Ano sa tingin mo ang nararapat na tugon sa ebanghelyo? Sa palagay mo, paano ka dapat mamuhay at paano mo maibabahagi sa iba ang magandang balita?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala kay Jesus upang mamatay para sa atin. Magpasalamat sa Diyos dahil sa kanyang planong pagtubos sa atin, sa sakripisyo ni Jesus, at sa ating kaligtasan.
- Manalangin at hilingin na tulungan ka ng Diyos na maging bahagi ng Kanyang plano na iligtas ang mga wala pang ugnayan sa Kanya. Ipanalangin na buong tapang mong maibahagi ang mabuting balita ng Diyos.
- Ipanalangin na malaman at maranasan ng mga kamag-anak at kaibigan mo ang pagmamahal, habag at biyaya ng Diyos.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Bruce Chua, Varsha Daswani, Chrysse Manuel-Pili

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.